GSS

MGA PANDAIGDIGANG PAMANTAYAN PARA SA MGA SUPPLIER

# ANG LAHAT NG SUPPLIER AY DAPAT TUMALIMA SA MGA SUMUSUNOD:

HANES Brands Inc

## Mga Gawi sa Trabaho:

Ang HanesBrands ay may malalim na kaseryosohan sa pagtrato sa mga empleyado nang patas at may dignidad at respeto. Naniniwala kami sa pakikipagtransaksyon sa mga Supplier na may parehong kaseryosohan. Hinihingi namin sa mga Supplier na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon at suportahan ang mga pundamental na karapatang pantao para sa lahat ng tao.

## Pagpapatrabaho ng Bata:

Hindi magpapatrabaho ang mga Supplier ng mga indibidwal na magiging paglabag sa lokal na iniaatas na edad ng pag-aaral o mas mababa sa legal na edad ng pagtatrabaho sa bansa kung saan sila nagpapatakbo ng negosyo. Bukod dito, hindi magpapatrabaho ang mga Supplier ng mga manggagawang wala pang 15 taong gulang, maliban sa mga artista at modelong tatanggapin sa pagpapatalastas o media, na protektado ng mga aplikableng iniaatas para sa pagpapatrabaho ng bata.

## Kabayaran:

Susunod ang mga Supplier sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kabayaran, kabilang iyong mga may kaugnayan sa pinakamababang sahod, mga bayad sa overtime, allowance at benepisyo.
Magbabayad ang mga Supplier ng hindi bababa sa legal na hinihinging kabayaran o sa umiiral na kabayaran sa industriya, alinman ang mas malaki.

Kinikilala ng HanesBrands na ang lahat ng nagtatrabaho ay may karapatan sa makatuwirang kabayaran.

Kinikilala rin ng HanesBrands na ang kabuuang kabayaran (sahod, kasama ang mga bonus at mga benepisyong in-kind, hindi kasama ang overtime) ay dapat magbigay sa mga manggagawa ng kakayahang tugunan ang mga batayang pangangailangan at magkaroon ng ilang kita na maaari nilang pagpasyahan. Hinihikayat namin ang mga supplier na ibigay ang natural antas ng makatuwirang kabayaran. Kung saan hindi natutugunan ang layuning ito, dapat makipagtulungan ang mga supplier sa amin upang makapagsagawa ng mga naaangkop na hakbang upang unti-unting magkamit ng antas ng kabayaran na nakakatugon dito.

## Kawalan ng diskriminasyon:

Hindi magdidiskrimina ang mga Supplier sa pagtanggap sa trabaho, pagbabayad, pagpapaunlad, pagdidisiplina, pagtatanggal o pagreretiro, batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan (o etnisidad), edad, relihiyon, kapansanan, sekswal na oryentasyon, pagkilala sa kasarian, katayuang beterano, estado sibil at anumang iba pang protektadong katangian o paniniwala ng isang tao. Papaboran ng HanesBrands ang mga Supplier na nagbibigay ng patas na pagkakataon sa lahat.

## Sapilitang Paggawa:

Hindi gagamit ang mga Supplier ng sapilitan o hindi boluntaryong paggawa, sa nakatali man, nakakulong, o nasasailalim sa kasunduan, kabilang ang pagbabayad ng utang.

## Kalayaan sa Pagbubuo ng Samahan at Sama-samang Pakikipagnegosasyon:

Kikilalanin at igagalang ng mga Supplier ang karapatan ng mga empleyadong isapraktika ang kanilang karapatan sa pagbubuo ng samahan. Katulad nito, kikilalanin at igagalang ng mga Supplier ang mga karapatan ng kanilang mga empleyadong piliin o hindi piliin makipagnegosasyon nang sama-sama.

## Kaligtasan at Kalusugan:

Magpapatakbo ang mga Supplier ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho para sa kanilang mga empleyado. Dapat maging seryoso ang mga Supplier na iwaksi ang mga hindi ligtas na aksyon at kondisyon, at kung gayon ay pipigilan ang pagkakapinsala ng kanilang mga manggagawa, kostumer, at ng pangkalahatang publiko. Kung saan naaangkop, ipatutupad rin ito sa mga pasilidad ng pabahay at pagkain.

## Panliligalig o Pang-aabuso sa Lugar ng Trabaho:

Hindi isasailalim ng mga Supplier ang mga empleyado sa pisikal, berbal, sekswal, o sikolohikal na panliligalig, at hindi rin ito gagamit ng korporal o pisikal na parusa upang disiplinahin ang mga empleyado.

## Mga Oras ng Trabaho:

Susunod ang mga Supplier sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon kaugnay ng mga oras ng trabaho. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang kalagayan, hindi dapat magtrabaho ang mga manggagawa nang lampas sa mga legal na limitasyon o mahigit 48 regular na oras, dagdag pa ang 12 oras ng overtime kada linggo, alinman ang mas mababa. Dapat pahintulutan ng mga Supplier ang mga manggagawa na magkaroon ng hindi bababa sa 24 na magkakasunod na oras ng pahinga kasunod ang 6 na magkakasunod na araw ng trabaho. Hindi dapat regular na hilingin ang pag-o-overtime at dapat itong maging boluntaryo.

## Kapaligiran:

Naniniwala ang HanesBrands sa pakikipagtransaksyon sa mga Supplier na may parehong kaseryosohan ng kompanya sa pagprotekta sa kalidad ng kapaligiran sa buong mundo sa pamamagitan ng maayos na pamamahalang pangkapaligiran. Susunod ang mga Supplier sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyong pangkapaligiran at agad na magbubuo at magpapatupad ng mga plano o programa upang iwasto ang anumang gawing hindi sumusunod rito. Hahangarin ng mga Supplier na magbawas ng basura at magpatibay ng mga responsableng hakbang upang paliitin at pagaanin ang epektong pangkalikasan ng kanilang pagpapatakbo ng negosyo.

## Laban sa korupsyon:

Mahigpit na sumusunod ang HanesBrands sa lahat ng naaangkop na abtas, kabilang ang Foreign Corrupt Practices Act at U.K. Bribery Act, at inaatasan ang mga Supplier na ganoon din ang gawin. Hindi magbabayad ang mga Supplier ng suhol o makikisangkot sa mga gawi ng panunuhol upang isulong ang mga interes sa pagnenegosyo ng HanesBrands. Kabilang dito ang direkta o hindi direktang pag-aalok, pangangakong magbayad o pagpapahintulot ng pagbabayad ng pera o anumang may halaga sa mga lokal na opisyal ng gobyerno, mga politikal na partido, kandidato para sa politikal na posisyon o mga pribadong indibidwal para sa layunin ng pag-impluwensya sa mga kilos o desisyon ng mga opisyal ng gobyerno o iba pang indibidwal.



2022 Hanesbrands Inc. Ang Lahat ng Karapatan ay Nakalaan.